


Ikalawang Markhan- Ikalawang Linggo

Pangalan:_______________________________________________

| | |
|---|---|
| **Aralin 2** | Nagagamit ang magagalang na pananalita sa angkop na sitwasyon tulad ng pagpapakilala ng sarili, pagpapahayag ng sariling karanasan at pagbati. |

## Alamin

Magandang araw mga bata, Ang modyul na ito ay inihanda bilang suplementaryang paraan upang matutuhan ang magagandang pananalita sa angkop na sitwasyon at nasasabi ang mga naobserbahang pangyayari sa paligid.

## Subukin

Panuto: Lagyan ng tsek ✓ kung ang pahayag ay gumagamit ng magalang na pananalita at X kung hindi.

**1.** Ipagpaumanhin po. Hindi ko po sinasadya

2. Huwag kang humarang sa daan.

3.Paki-abot ng aking bag.

4. Kunin mo ang aklat.

5. Makikiraan po.

LIVEWORKSHEETS

**Balikan**

Panuto: Isulat sa patlang ang Tama kung nasusunod ang mga pahayag at Mali kung hindi.

_______1. Nagsusuot ng faceshield paglumalabas.

_______2. Hindi nagsusuot ng face mask sa paglalabas.

_______3. Nanatili sa loob ng bahay ang mga bata.

_______4. Nagdadala ng alcohol kapag aalis ng bahay.

_______5. Naghuhugas at nagsasabon ng kamay.

**Suriin**

Panuto: Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

________1. Nakita mong may sumingit sa pila ng pagbabakuna. Ano ang gagawin mo?

a. Titingnan ko lang.
b. Pagsasabihan ko na may pila.
c. Isusumbong ko sa mga pulis na nakabantay.

_______2. May isang senior citizen na naliligaw sa pila ng pagbabakuna. Ano ang gagawin mo?

a. Ituturo ko ang tamang pila.

b. Hindi ko papansinin.

c. Hahayaan ko.

_______3. Nais mong umihi ngunit ikaw ay nakapila. Ano ang sasabihin mo sa iyong sinusundan

a. Maaari po bang makiuna sa pila.
b. Huwag kang magpapasingit.
c. Babalik agada ko.

LIVEWORKSHEETS

**Isaisip**

Nagagamit ang mga magagalang na pananalita sa angkop na sitwasyon at sa naobserbahang pangyayari sa paligid. Ugaliing maging magalang sa lahat ng sitwasyon.

**Isagawa**

Panuto: Isulat ang mga tamang sagot sa bawat sitwasyon.

Dumating isang gabi sa inyong bahay ang iyong tita para bumisita. Ano ang sasabihin mo?

______________________________

Namigay ng mga libreng pagkain ang inyong barangay. Ano ang sasabihin mo?

______________________________

**Tayahin**

Panuto: Ilagay sa kahon ang mga magagalang na pananalitang ginagamit sa iba't ibang sitwasyon.

Walang anuman po.

Bahala ka.

Maraming salamat po.

Magandang buhay.

Ipagpaumanhin po.

LIVEWORKSHEETS